ATTN: Communications Department
SamTrans
1250 San Carlos Ave. 2nd Floor
San Carlos, CA 94070

PLACE
STAMP
HERE

# Makatulong sa Paghubog sa Hinaharap ng Pagpopondo sa Lokal na Transit

## sa San Mateo County










samTrans

## Kalakip ang Survey sa Komunidad

Ibahagi ang Inyong Mga Priyoridad para sa SamTrans

Ang San Mateo County Transit District (karaniwang tinutukoy bilang “SamTrans”) ay ang nangungunang provider ng pampublikong transportasyon sa San Mateo County, na pinamamahalaan ang SamTrans bus, Ride Plus on-demand ride-share, at mga serbisyong paratransit ng Redi-Wheels at RediCoast sa buong County. Iniuugnay ng mga maaasahang serbisyo ng transit na ito ang mga residente sa mga trabaho, pangangalagang pangkalusugan, kanilang mga komunidad, at mga panrehiyong sistema ng transit.

## Inyong Transit, Inyong Boses

Pinangungunahan ng SamTrans ang isang pakikipag-usap sa komunidad upang marinig ang inyong mga priyoridad sa kung paano dapat ginagamit ang mga pondo sa San Mateo County kung maging kwalipikado ang potensyal na panukala para sa balota at kung aprubahan ito ng mga botante. Mahalaga ang inyong feedback at boses sa ating paghubog ng hinaharap ng transit sa San Mateo County. Mangyaring kumpletuhin ang survey card upang ibahagi ang inyong mga priyoridad para sa SamTrans. Upang sagutan ang survey online, i-scan ang QR code.



samTrans

Free interpretation assistance is available.
Para traducción llama al 1-800-660-4287.
如需翻譯,請電 1-800-660-4287.
Para la traducción al español, visite **samtrans.com/localfundingplan**
Para sa wikang Tagalog, bisitahin ang **samtrans.com/localfundingplan**
如需中文翻译,请访问 **samtrans.com/localfundingplan**

**samtrans.com** **/SamTrans** **@SamTrans** **@gosamtrans**

## Pagprotekta sa Mga Maaasahang Serbisyo sa Panrehiyong Transit

Nananatiling konektado ang Bay Area sa pamamagitan ng panrehiyong sistema ng transit na iniuugnay ang ating mga county nang magkakasama. Makatutulong ang organisado, mabisa, at maaasahang pampublikong transit na bawasan ang pagsikip ng trapiko, bawasan ang polusyon, at magbigay ng abot-kayang opsyon ng transportasyon para sa mga residenteng may mababang kita, para sa mga estudyante, senior, taong may kapansanan, at sumasakay. May lumalaking kakulangan ng budget para sa ilan sa ating mga panrehiyong sistema ng transit, kabilang ang Caltrain, BART, at Muni. Ang lahat ng pagsasara ng mga istasyon at lugar ng paghinto, pagkansela ng mga serbisyo tuwing weekend at sa gabi, at pag-alis ng serbisyo sa ilang ruta ng tren ay kasalukuyang isinasaalang-alang bilang mga pagbabawas ng gastos.

## Mapapataas ng Panukalang Pagkonekta sa Bay Area ang Mga Pondo para sa Panrehiyon at Lokal na Transit

Pinapaikot ng independiyenteng grupo ng mga mamamayan ang isang potensyal na 14 na taong panukala sa buwis sa pagbebenta ng limang county. Kung maging kwalipikado ang panukala sa balota sa Nobyembre 2026 at maaprubahan ito ng mga botante, gagawing matatag ng panrehiyong buwis ang pagpopondo sa pampublikong transportasyon upang mabalanse ang mga nakaplanong pagbabawas ng pondo sa serbisyo ng transit at mapigilan ang mga pagsasara ng istasyon sa buong Bay Area, kabilang ang San Mateo County. Dagdag pa rito, magbibigay ang panukala ng humigit-kumulang $50 milyon sa taunang lokal na kinokontrol na pondong nakatalaga sa pampublikong transit sa San Mateo County na pinamamahalaan ng SamTrans. Ang buong lokal na pagpopondong ito ay para sa transit sa loob ng San Mateo County — walang pondo ang maaaring makuha ng Estado o mga county sa labas.

## Transparency at Pananagutan

Magdidikta ang potensyal na panukalang ito ng pamantayan sa mga operator ng transit tulad ng BART at Muni na tiyakin ang pananagutan at mga pagpapahusay ng serbisyo, kabilang ang malinis at ligtas na mga istasyon at sasakyan ng transit, koneksyon sa pagitan ng mga sistema ng transit na inorasan nang maayos, at malinaw na paggastos upang makita ng mga residente kung saan napupunta ang kanilang mga dolyar na buwis. Maglalaman ang potensyal na panukala ng detalyadong plano ng paggastos at taunang pag-awdit, superbisyon, at mga kinakailangan sa transparency upang matiyak na ang lahat ng pondo ay gagastusin tulad ng ipinangako.

samTrans

## Lokal na Pagpopondo para sa Lokal na Serbisyo ng Transit

Bumubuo ang SamTrans ng lokal na plano para sa kung paano ipupuhunan ang karagdagang $50 milyong ito sa taunang lokal na pagpopondo ng transit sa pagkakataong maaprubahan ang panukala. Mahalagang bahagi ng prosesong ito ng pagpaplano ang pakikipag-ugnayan ng stakeholder at saloobin ng komunidad. Potensyal na magagamit ng SamTrans ang pagpopondong ito upang:

- Pahusayin ang mga ruta ng transit upang maibsan ang trapiko sa mga koridor na pinakamadalas na dinaraanan
- Maipagpatuloy ang programa sa libre at mas mababang pamasahe para sa mga senior, estudyante, at mga taong may kapansanan
- Protektahan ang imprastraktura ng transit laban as pag-angat ng lebel ng dagat, pagbabaha, at matitinding lagay ng panahon
- Mapahusay ang kaligtasan, kalinisan, at aksesibilidad sa mga istasyon ng bus
- Mapaganda ang serbisyo ng bus upang maging mas mabisa, mas mabilis, at mas maaasahan
- Mapalawak ang akses sa transit para sa mga komunidad na kasalukuyang kulang ang serbisyong natatanggap
- Magsagawa ng mga pagkumpuni at pagpapahusay sa naglulumang mga paratransit na sasakyan upang matiyak ang maaasahang serbisyo
- Mabawasan ang emisyon ng greenhouse gas at mapahusay ang kalidad ng hangin sa pamamagitan ng pagtransisyon sa mga bus na walang emisyon
- Ikumpuni ang mga pothole at ayusin ang mga kalsada sa mga ruta ng bus
- Mag-alok ng mga abot-kayang ride-share at on-demand na programa sa higit pang komunidad



Maaari ka pang matuto tungkol sa mga partikular na uri ng proyektong kabilang sa ilalim ng lahat ng mga priyoridad sa pagpopondong ito sa **SamTrans.com/LocalFundingPlan**

## Sagutan ang Aming Survey

Bigyan ng ranggo ang mga sumusunod na priyoridad sa lokal na transit ng SamTrans mula isa hanggang sampu kung saan ang isa ay ang pinakamataas na priyoridad at ang sampu ay ang pinakamababa:

| | |
|---|---|
| ________ | Pahusayin ang mga ruta ng transit upang maibsan ang trapiko sa mga koridor na pinakamadalas na dinaraanan |
| ________ | Maipagpatuloy ang programa sa libre at mas mababang pamasahe para sa mga senior, estudyante, at mga taong may kapansanan |
| ________ | Protektahan ang imprastraktura ng transit laban as pag-angat ng lebel ng dagat, pagbabaha, at matitinding lagay ng panahon |
| ________ | Mapahusay ang kaligtasan, kalinisan, at aksesibilidad sa mga istasyon ng bus |
| ________ | Mapaganda ang serbisyo ng bus upang maging mas mabisa, mas mabilis, at mas maaasahan |
| ________ | Mapalawak ang akses sa transit para sa mga komunidad na kasalukuyang kulang ang serbisyong natatanggap |
| ________ | Magsagawa ng mga kinakailangang pagkumpuni at pagpapahusay sa naglulumang mga paratransit na sasakyan upang matiyak ang maaasahang serbisyo |
| ________ | Mabawasan ang emisyon ng greenhouse gas at mapahusay ang kalidad ng hangin sa pamamagitan ng pagtransisyon sa mga bus na walang emisyon |
| ________ | Ikumpuni ang mga pothole at ayusin ang mga kalsada sa mga ruta ng bus |
| ________ | Mag-alok ng mga abot-kayang ride-share at on-demand na programa sa higit pang komunidad |

Lungsod: ________

Email: ________

Komento/Tanong: ________

*Magsasara ang survey sa Abril 15, 2026.*